ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

# PERSEPSYON NG MGA MAG-AARAL SA MAYORYANG FILIPINO HINGGIL SA ORAL NA PRESENTASYON: A CONVERGENT PARALLEL NA PAG-AARAL

**Mary Ann C. Bangiban**
*Student Researcher, Institute of Teacher Education, Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology, Kapalong, Philippines*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra19818
**DOI No: 10.36713/epra19818**

## ABSTRAK

*Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed-method na disenyo upang suriin ang akademikong motibasyon ng mga mag-aaral. Partikular na ginamit ang convergent parallel mixed-method approach, na nagpapahintulot sa pagkolekta ng magkakaibang at komplemen ani (agatos u lilf arehong paksa. Sa kwanttatibong bahagi ng pag-aaral, 117 na mag-aaral ang sumagot, habang 14 na mag-aaral ang lumahok sa kwalitatibong bahagi. Ang mga resulta ay nagpakita na ang antas ng oral na presentasyon ng mga mag-aaral ay mataas, lalo na sa kanilang pag-aaral. Natukoy ang tatlong pangunahing tema kaugnay ng persepsyon sa oral na presentasyon sa mga mag-aaral ng kursong BSEd-Filipino: ang kahalagahan ng oral na presentasyon sa pag-aaral, ang oral na presentasyon ang siyang nagbibigay lakas sa mga mag-aaral, at ang kahalagahan ng pagbibigay suporta sa mga mag-aaral upang magpursige sa kanilang pag-aaral. Ang integrasyon ng mga datos mula sa kwantitatibo at kwalitatibong bahagi ay nagpakitang.convergence, kung saan ang mga natuklasan mula sa parehong uri ng datos ay nagbigay ng pare-parehong resulta at nagpatibay sa mga konklusyon ng pag-aaral.*

**MGA SUSING SALITA**: *mixed methods, persepsyon sa oral na presentasyon, Davao del Norte, Philippines*

## INTRODUKSYON

Ang oral na presentasyon, na kilala rin bilang pampublikong pagsasalita o simpleng presentasyon, ay binubuo ng isang indibidwal o grupo na pasalitang naglalahad sa isang tagapakinig tungkol sa isang partikular na paksa. Ang layunin nito ay magturo, magbigay ng impormasyon, maglibang, o maglahad ng argumento. Sa kabila ng layunin ng oral na presentasyon bilang paraan upang ang kaalaman ay masukat at komunikasyon ng mga mag-aaral, lumilitaw ang ilang suliranin sa praktikal na pagpapatupad nito. Natuklasan na maraming mag-aaral ang nawawalan ng motibasyon na maghanap ng karagdagang sanggunian, na nagreresulta sa mababang kalidad ng mga presentasyon. Ang kawalan ng sapat na pagkaunawa sa materyal ay nagiging hadlang, kaya't hindi nagiging epektibo ang presentasyon bilang batayan ng kaalaman. Dagdag pa rito, ang mga mag-aaral ay hindi pantay ang kasanayan sa pagsasalita, na maaaring magdulot ng kakulangan ng kumpyansa sa sarili at pagkabalisa, na nakaaapekto sa kanilang pagganap (Sari et al., 2023).

Ayon sa pag-aaral sa UTM Kelantan, Malaysia, natuklasan na ang pangunahing problema sa pagsasagawa ng oral na presentasyon ay ang kawalan ng tiwala ng mga estudyante. Ito ay nagdudulot ng samot-saring suliranin tulad ng pagkalimot sa sasabihin, maling pagbigkas ng mga salita, at takot sa pagsasalita sa harap ng klase. Ang kakulangan ng kumpiyansa ay higit pang pinalalala ng hindi maayos na kalidad ng boses, limitadong oras sa paghahanda, at kawalan ng sapat na karanasan sa pagsasakatuparan presentasyon, na nagpapahirap sa mga estudyante
na magtagumpay sa ganitong uri ng pagtatanghal (Aziz et al., 2022).

Sa pagsusuri sa mga students ng first year sa kursong English sa isang mataas na paaralan sa Tacloban City, natuklasan na ang pangunahing problema sa oral na presentasyon ay ang matinding takot at pagkabalisa. Maraming estudyante ang nakararanas ng kaba dahil sa takot magkamali o mapuna ng mga kapwa estudyante, higit na kung ito ang kanilang unang pagkakataon. Ang takot na ito ay humahantong sa kakulangan ng paghahanda at nagiging hadlang sa maayos na pagpapaliwanag ng paksa, lalo na kung ito ay kumplikado o mahirap unawain. (Docena et al., 2023).

Kaugnay nito, ang pananaliksik na ito ay may malaking panlipunang kabuluhan sapagkat nagbibigay ito ng mahahalagang pananaw sa kung paano tinatanggap at tinutugunan ng mga estudyante ng Filipino ang mga oral na presentasyon, isang napakahalagang kasanayan para sa tagumpay sa larangan ng akademiko at propesyonal. Ang masusing pag-unawa sa mga persepsyong ito ay makatutulong sa mga guro na paunlarin ang kanilang mga estratehiya sa pagtuturo, mapaunlad ang kakayahan ng mga estudyante sa epektibong komunikasyon,

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

at higit na matugunan ang mga emosyonal na hamon gaya ng takot at pagkabalisa na nararanasan ng mga mag-aaral sa harap ng mga oral na presentasyon. Sa kasalukuyang sistema ng edukasyon, ang kakayahang makipagkomunikasyon nang malinaw at tiwala ay isa sa mga pangunahing kasanayang hinahanap sa mga mag-aaral, lalo na sa mga kursong humihiling ng aktibong pampublikong pagsasalita. Sa pamamagitan ng ganitong pag-aaral, maaari itong magsilbing gabay para sa pagpapaunlad ng mga programang pang-edukasyon na magpapahusay sa tiwala ng mga mag-aaral sa sarili at sa kanilang kakayahang magsalita nang epektibo sa publiko.

Kaugnay nito ay mayroong mga pag-aaral tungkol sa persepsyon sa oral na presentasyon ngunit sa pag-aaral ni Naelufa et al (2023) ay nakatuon sa persepsyon sa mga mag-aaral sa oral na presentasyon na gamit ang Powerpoint bilang biswal na presentasyon. Habang sa pag-aaral ni Docena et al (2023) ay layunin nitong maiintindihan kung paano nalagpasan ang hamon at karanasan na takot tungkol sa oral na presentasyon sa mga mag-aaral na nasa unang taon ng unibersidad. Habang sa pag-aaral ni Aziz et al. (2022) ay layunin ng pag-aaral na alamin ang mga paghihirap na nararanasan kapag nagbibigay ng oral na presentasyon at ang mga sanhi ng mga paghihirap na nararanasan. Ang tatlong mananalisik ay nagpahayag na ang persepsyon sa oral na presentasyon ay lubos na ikinabahala sa mga mag-aaral ng tersiyarya, ngunit ang pag-aaral ng persepsyon sa oral na presentasyon ay purong kwantitatibo at kwalitatibong dulog. Sa kasalukuyan, wala pang pananaliksik na gumamit ng pinagsamang kwantitatibo at kwalitatibong disenyo upang suriin ang persepsyon sa oral na presentasyon.

Sa pagtatapos ng riserts na ito, layunin ng mananaliksik na maibahagi ang kaalaman sa pamamagitan ng paglalathala nito sa mga kumperensiyang nauugnay sa pananaliksik at sa mga ahensyang nagtataguyod ng malikhaing interaksyon ng mga estudyante. Sa ganitong paraan, mabibigyang-daan ang pagpapalitan ng kaalaman at pagbabahagi ng mga natuklasan sa pagitan ng mga eksperto, mag-aaral, at pamahalaan. Ang layunin ng pampublikong pagbabahagi ng mga resulta ng pananaliksik na ito ay para hikayatin ang pagsusuring masusi, magbigay ng inspirasyon sa mga makabuluhang proyekto, at itaguyod ang aplikasyon na praktikal ng mga natuklasan, higit na sa akademikong disiplina ng pampublikong serbisyo at edukasyon.

**Layunin ng Pag-aaral**

1. Ano ang antas ng persepsyon ng mga estudyanteng kumukuha ng kursong Filipino hinggil sa oral na presentasyon?
2. Ano ang persepsyon batay sa mga mag-aaral ng BSED FILIPINO patungkolkaranasan sa oral na presentasyon?
3. Ang kwalitatibong data ba ay nagpapatunay sa kwantitatibong data?

## METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng mixed methods design, na kinabibilangan ng kombinasyon ng kuwantitatibo at kuwalitatibo na pangangalap at pagsusuri ng datos sa iisang pag-aaral. Sa pamamagitan ng pagsasama ng dalawang anyo ng datos, nagiging mas komprehensibo ang pag-unawa sa mga kumplikadong problema sa pananaliksik kumpara sa paggamit lamang ng quantitative o qualitative na pamamaraan. Dahil dito, maaaring magbigay ito ng mas mataas na generalizability, kontekstuwalisasyon, at kredibilidad sa mga resulta ng pananaliksik. Higit pa rito, ang mixed methods research ay may mahalaga at multifaceted na papel sa pananaliksik na lampas sa simpleng pag-validate. Sa pamamagitan ng mabisang pagsasama ng quantitative at qualitative na pamamaraan, binibigyang-daan ng ganitong lapit ang mas komprehensibo at holistikong pananaw sa paksa ng pag-aaral, nagpapalalim ng pag-unawa, sumasaliksik sa mga kumplikasyon, nagpapalakas ng rigor at kredibilidad, at nagpapalakas ng interdisciplinary collaboration (George, 2021).

**Partisipante**

Ang mga mag-aaral ng kursong BSEd Filipino ang pinili bilang mga respondente sa pananaliksik na ito mula sa mga kurso sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Ito ay dahil ang pag-aaral ay nakatuon sa kanilang persepsyon sa oral na presentasyon, at ang mga estudyante ng BSEd Filipino ay itinuturing na angkop dahil sa kanilang lantarang paggamit ng digital na teknolohiya sa pag-aaral. Partikular din na mahalaga para sa kanila ang pagkakaroon ng kasanayang naaayon sa ika-21 siglo. Angkop ang pananaliksik dahil layunin nitong isama ang mga mag-aaral sa programang pang-edukasyon sa sekondarya na mayoryang Filipino mula sa isang lokal na kolehiyo upang suriin ang kanilang pananaw hinggil sa oral na presentasyon. Para sa bahagi ng kwantitatibong datos, isang daan at labimpito (117) mag-aaral ang naging respondente ng pananaliksik na ito.

Ang sampling method na ginamit sa pananaliksik na ito ay itinuturing na akma, dahil ang mga mag-aaral ng BSEd Filipino ay napili sa pamamagitan ng simple random sampling. Malawakang ginagamit ang pamamaraang ito dahil nagbibigay ito ng pantay na pagkakataon para sa bawat miyembro ng populasyon na maging bahagi ng sample. Sa ganitong paraan, ang pagpili ng mga kalahok ay hindi nakabatay sa anumang partikular na pamantayan o pagkiling. Ang metodong ito ay makakatulong upang mabawasan ang posibleng bias at matiyak na ang sample ay tapat na sumasalamin sa buong populasyon (Levy at Lemeshow, 2013).

Ang mga kalahok para sa parteng kwalitatibo ay may labing-apat (14) na kalahok, ang mag-aaral na pinili na sumali sa pokus na pangkalahatang talakayan (focus group discussion) ay pito (7) at iba pang estudyantge na piniling sumali sa pinalalim na panayam (in-depth interview) na isinagawa ay pito (7) rin. Ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

penomenolohikal na pag-aaral ay karaniwang gumagamit ng 5 hanggang 25 na kalahok. Ang bilang ng kalahok sa panaliksik na ito ay 14 para sa parehong grupo. Ang unang kalahati (7) ay mga nasa pinalalim na panayam o ang kanyang mga one-on-one na panayam at ang pangalawang kalahati ay mga pokus sa pangkalahatang talakayan o focus group discussionSa pag-aaral na ito, ang bilang ng mga kalahok ay ayon sa iminungkahi (Raagas, 2010; Mason, 2010).

**Instrumento**
Ang instrumento ng pananaliksik ay tumutukoy sa mga gamit o pamamaraan na ginamit upang mangalap ng impormasyon, tulad ng mga sarbey, pagsusuri, mga estruktural na panayam, at mga listahan ng tsek. Ang talatanungan ay magbibigay ng sukat sa mga persepsyon ng mga mag-aaral, habang ang panayam ay magbibigay ng karagdagang konteksto at pagpapalalim sa kanilang mga sagot (Seaman, 1991).

**Pagsusuri ng Datos**
Ginamit ang mean at iba pang descriptive statistics upang suriin ang mga average na tugon ng mga kalahok sa pagsusuri ng kwantitatibong data.

Sa kwalitatibong datos na pagsusuri, ang mga sagot ng mga estudyante ay naitala, inayos, at binawasan sa mga tema sa paraan ng proseso ng coding at pagpapaliit ng mga code. Ang mga datos ay iniharap sa anyo ng mga larawan, talahanayan, o kuwento. Sa proseso ng pagsusuri, ang deskriptibong data at mga pamamaraan tulad ng coding at pag-uuri ay ginamit upang maayos na maisaayos ang mga datos. Layunin nito na makabuo ng mga tema na naglalarawan ng mga karanasan ng mga mag-aaral, partikular na ng mga estudyante ng BSEd Filipino sa Kapalong College of Agriculture, Sciences and Technology. Bukod dito, ang pagsusuri ng datos ay isang paulit-ulit na proseso. Nangangahulugan ito na ang pinal na pagsusuri ng datos ay natamo sa paraan ng sunud-sunod na pagbabasa, muling pagsusuri, at patuloy na pagpipino ng mga tema hanggang sa maabot ang tamang representasyon ng mga karanasan ng mga kalahok.

## RESULTA AT DISKUSYON

**Talahanayan 1**
***Antas ng Kooperatibong Pagkatuto***

| Variable at Indikeytor | Mean | Description |
|---|---|---|
| **A. *Personal na Ugali*** | | |
| **1**. nakaramdam ng sobrang kaba bago ang isang pagsusulit sa oral na presentasyon. | 4.22 | Mataas |
| **2.** nahihirapan sa isang pagsusulit sa oral na presentasyon dahil mayroon akong mababang tiwala sa sarili. | 3.74 | Mataas |
| **3.** nakakaramdam ng pag-aalala kahit na pinaghandaan ko ng mabuti bago pa man ang oral na presentasyon. | 4.00 | Mataas |
| **4.** nakakalimot sa lahat ng nais kong sabihin kapag nagsisimula na ako sa aking presentasyon. | 3.64 | Mataas |
| **5.** natatakot mabigo sa oral na presentasyon. | 4.44 | Mataas |
| **Category Mean** | **4.01** | **Mataas** |
| ***B. Kasanayan sa Pagtatanghal*** | | |
| **1.** nagbabasa mula sa aking mga itinala sa panahon ng oral na presentasyon. | 4.06 | Mataas |
| **2.** tumitingin muna sa ibang presentasyon bago ako magsimula sa aking presentasyon. | 3.78 | Mataas |
| **3.** naniniwala na ang hindi pagkakaroon ng kurso sa oral na presentasyon ang dahilan ng aking mababang pagganap. | 3.56 | Mataas |
| **4.** nahihirapan na hanapin ang angkop na salita upang ipahayag ang aking ideya. | 4.00 | Mataas |
| **5.** naniniwala na mahasa sa pamamagitan ng mga pagsusulit sa pagsusulat kaysa sa oral na presentasyon. | 4.14 | Mataas |
| **Category Mean** | **3.91** | **Mataas** |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

| | | |
|---|---|---|
| ***C. Awdyen at Guro*** | | |
| **1.** nakaramdam ng takot kapag maraming tao ang nanonood sa akin. | 3.98 | Mataas |
| **2.** naaapektuhan sa reaksyon ng aking mga kaklase sa aking pagganap sa tuwing may oral na presentasyon. | 3.92 | Mataas |
| **3.** kinakabahan na baka tatawanan ako ng mga estudyante kapag nagsasalita ako ng Ingles. | 3.86 | Mataas |
| **4.** naaapektuhan kapag naabala ako ng guro para magtanong o magsabi ng kritisismo. | 3.76 | Mataas |
| **5.** nakaramdam ng pagkabahala dahil sinusubaybayan ng guro ang aking wika. | 3.90 | Mataas |
| **Category Mean** | **3.88** | **Mataas** |

The Ang antas ng oral na presentasyon batay sa **kooperatibong pagkatuto** ay may mataas na antas, na naglalahad na ito ay madalas na ipinapakita ng mga estudyanteng kumukuha ng Filipino Major. Ipinapakita ng natuklasang ito na ang mga partisipante ay aktibong nakikilahok sa mga kolaboratibong gawain, na nagpapalakas ng pagtutulungan at sama-samang karanasan sa pagkatuto, na mahalaga para sa akademiko at panlipunang pag-unlad.

Ayon pa nga kina Barrett et al., (2021) na ang oral na presentasyon (OP) sa mas mataas na edukasyon ay naglalayong magpakita ng pananaliksik, pagsusuri, o pagbibigay ng kaalaman ukol sa genre ng diskurso. Dito masusuri ang bahagdan sa kung paano kataas ang kooperatibong pagkatuto ng mga estudyante. Nagbibigay ito ng pagsasanay sa pagsasalita sa wikang sinasalita sa mga mag-aaral at maaaring maging isang proyektong pangkat para sa malalimang pag-iisip, pagsasaayos ng problema, at kasanayan sa pakikipagtulungan na kinakailangan sa lugar ng trabaho.

Ang antas ng oral na presentasyon batay sa **personal na ugali** ay naitala bilang mataas, na nagpapahiwatig na madalas itong ipinapakita ng mga estudyanteng kumukuha ng Filipino Major. Ipinapakita nito ang isang positibong pagkiling tungo sa kolaboratibong saloobin at kilos, na sumasalamin sa kanilang kakayahang makipagtrabaho nang maayos sa mga kapwa estudyante habang pinapanatili ang respeto at pang-unawa mga mahalagang aspeto para sa mabisang kooperatibong pagkatuto.

Ang kasalukuyang resulta ay sinusuportahan ng pag-aaral na isinagawa ni Arniatika (2020), na nagbigay-diin sa mahalagang impluwensya ng motibasyon at personal na ugali sa pagganap sa presentasyon. Ang motibasyon ang nagbibigay ng sigasig, dedikasyon, at pagsisikap na kailangan para sa maayos na paghahanda at makabuluhang pagpapahayag, habang ang personalidad ang humuhubog sa istilo, kumpiyansa, at kakayahan ng tagapagsalita na makipag-ugnayan sa mga tagapakinig. Ang dalawang salik na ito ay nagtutulungan upang mahubog hindi lamang ang istruktura at paraan ng komunikasyon ng nilalaman, ngunit pati na rin ang bisa nito sa pag-engganyo at pag-ugnay sa mga tagapakinig, na sa huli'y tumutukoy sa tagumpay ng presentasyon.

Ang antas ng oral na presentasyon batay sa **kasanayan sa pagtatanghal** ay naitala bilang mataas, na nangangahulugang ito ay paminsang ipinapakita ng mga estudyanteng kumukuha ng Filipino Major. Ipinapakita nito na ang mga estudyanteng ito ay mayroong kakayahang maghatid ng mga presentasyon nang epektibo, ipinapakita ang kanilang mga kakayahan sa pag-organisa at pagpapahayag ng mga ideya nang malinaw, bagama't hindi ito laging nakikita sa bawat pagkakataon.

Ayon sa pananliksik nila Belić and Vrcić-Amar (2022), ang kasanayan sa pagtatanghal ay isa rin sa mga mahalagang aspeto na nag-reresulta sa kooperatibong pagkatuto ng mga bata. Ang kanilang kakayahan na mag-organisa ng kanilang mga ideya, paghahanda sa kanilang materyales, at paraan ng presentasyon ay nagbibigay ng malaking kontribusyon sa kanilang tagumpay sa oral na presentasyon. Ang kasanayanng may mataas na antas sa pagtatanghal ay nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral ay may sapat na kakayahan sa epektibong pagpapahayag ng kanilang mga ideya.

Ang oral na antas ng presentasyon batay sa awdyens at guro ay naitala bilang mataas, na nangangahulugang ito ay paminsang ipinapakita ng mga estudyanteng kumukuha ng Filipino Major. Ipinapakita nito na ang mga estudyanteng ito ay may kakayahang epektibong makipag-ugnayan sa parehong audience at guro sa kanilang mga presentasyon, bagama't hindi ito laging nakikita sa bawat pagkakataon. Ipinapahiwatig nito na habang may potensyal silang magtaguyod ng koneksyon sa mga tagapakinig, may mga bahagi pa ng kanilang presentasyon na kinakailangang mapabuti upang mapanatili ang interes at interaksyon ng audience nang tuloy-tuloy.

Ayon sa pag-aaral na isinigawa nina Das and Lakshmi (2024), nagsasaad na ang interaksyon ng mga estudyante sa awdyens at guro ay mayroon ding mahalagang papel sa kanilang kooperatibong pagkatuto. Ang mga reaksyon at feedback mula sa awdyens at guro ay maaaring magdulot ng pagkabahala o

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kumpiyansa sa mga estudyante. Ang positibong feedback ay maaaring magpataas ng kumpiyansa ng mga estudyante, samantalang ang negatibong feedback ay maaaring magdulot ng pagkabahala.

**Talahanayan 2**
**Mga Persepsyon batay sa mga mag-aaral ng BSEd Filipino patungkol sa karanasan sa oral na presentasyon**

| Isyung Sinuri | Pangunahing Ideya | Code/Kategorya | Pangunahing Tema | Teoritikal na Suporta |
|---|---|---|---|---|
| Mga Persepsyon batay sa mga mag-aaral ng BSEd Filipino patungkol sa karanasan sa oral na presentasyon | • Pag-aral ng paksa bago magtanghal sa harap ng klase<br>• Kakabisaduhin ang mga dapat sasabihin<br>• Pagsaliksik ng impormasyon | Paghahanda sa Pagtanghal sa Harap ng Klase | Wastong Pag-aaral sa Paksa | Constructivist Theory |
| | • Kinakabahan sa tuwing nagsasalita sa harap<br>• Hindi maiintindihan ang nararamdaman<br>• Takot sa pagsasalita sa harap<br>• | Kinakabahan sa Pagtatanghal | Pagkakaramdam ng Kaba | Cognitive Behavioral Theory (CBT) |
| | • Pagkawala sa dapat sabihin<br>• Pagkawala ng pukos<br>• Sagabal sa nagsasalita | Sagabal sa Pagsasalita sa Harapan | Ingay sa Paligid Bilang Sagabal | Cognitive Load Theory |
| | • Nag-iisip na mali ang sinasabi<br>• Takot na humarap sa maraming tao<br>• Iniisip na husgahan ang pansariling kaalaman | Iniisip ang Negatibong Panghuhusga | Takot mula sa Panghuhusga ng mga Kaklase | Self-Presentation Theory |

**Wastong Pag-aaral ng Paksa.** Ang temang ito ay naglalahad ng kahalagahan ng maayos na paghahanda bago magsalita sa harap ng klase. Ang mga estudyante ay kinakailangang pag-aralan ang kanilang paksa nang mabuti, kakabisaduhin ang mga dapat sabihin, at unawain nang husto ang kanilang paksa upang magkaroon ng kumpiyansa sa kanilang presentasyon. Sumuporta naman ang Constructivist Theory ni Piaget (1936), na nagsasabing ang pag-aaral ay isang aktibong proseso na

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kinabibilangan ang mga estudyante ay nagtatayo ng kanilang sariling kaalaman mula sa kanilang mga karanasan at ugnayan sa mundo. Dito masusuri ang wastong paghahanda para sa bawat paksang tatalakayin at gustong pagtuonan ng pansin. Ito ay nakita sa pag-aaral nina Fadaee et al. (2019), nagsasaad na sa paraan ng wastong pagkatuto, nagiging mas handa ang mga mag-aaral sa pagharap sa mga katanungan o interaksyon, kaya't mas nagiging epektibo ang kanilang presentasyon. Kung ang estudyante ay may kaalaman na hindi sapat sa paksa, maaaring magdulot ito ng mga pag-aalinlangan at magpababa sa kanilang kakayahan na makipag-ugnayan nang maayos, na maaaring magresulta sa kakulangan ng engagement. Kaya't ang malalim na pag-unawa sa paksa ay mahalaga upang mapanatili ang interes ng mga tagapakinig at mapabuti ang kabuuang kalidad ng presentasyon.

**Pagkakaramdam ng Kaba.** Lumilitaw naman sa temang ito mula sa isyung sinusuri hinghil sa naging experience ng mga estudyante para sa oral na presentasyon o sa tuwing nagsasalita sa harap ng klase. Ang temang ito ay binibigyang-diin ang epekto ng kaba sa pagganap ng estudyante, kabilang ang hindi maintindihang nararamdaman, at takot na magsalita sa harap ng mga tao o sa loob mismo ng klase. Ang Cognitive Behavioral Theory (CBT) ni Beck (1960) ay sumusuporta sa temang ito, na nagpapaliwanag kung paano ang mga pag-iisip at emosyon ay direktang nakakaapekto sa pag-uugali ng tao, at kung paano ang pagkontrol sa mga negatibong kaisipan ay makakatulong sa pag-manage ng kaba. Ang pagkakaramdam ng kaba ay isang karaniwang karanasan ng mga estuddyante, lalo na sa oral na presentasyon. Batay sa mga pag-aaral nina Ati and Parmawati (2022), ang pagkakaroon ng kaba o nervousness ay maaaring magdulot ng mga hadlang sa epektibong pagpapahayag ng ideya at pagkakaroon ng engagement sa audience at guro. Kapag ang isang mag-aaral ay nakakaramdam ng kaba, maaaring magdulot ito ng pagkakawala ng kumpiyansa, panginginig, o pagpapakilala ng mga hindi inaasahang pagkakamali sa kanilang presentasyon.

**Ingay sa Paligid Bilang Sagabal.** Ang pagiging maingay na kapaligiran ay isa sa mga pangunahing sagabal sa epektibong pagsasalita sa harap ng klase. Ang tema ng ingay sa paligid bilang sagabal ay nagpapakita kung paano ang mga external na distraksyon ay maaaring makaapekto sa konsentrasyon at pagganap ng mga estudyante. Ito ay konektado sa Cognitive Load Theory ni Sweller (1988). Ang nais ipahiwatig ng Cognitive Load Theory ni Sweller (1988) ay sumusuporta sa temang ito, na nagsasabing ang kapaligiran ng pagkatuto ay dapat na mag-minimize ng cognitive overload upang maging mas epektibo ang pagkatuto at pagganap ng mga estudyante. Batay sa pananaliksik nina Petrović et al. (2022), ang ingay sa paligid ay isang malaking hamon sa mga oral na presentasyon. Ang hindi inaasahang ingay mula sa mga estudyante, kagamitan, o mga bagay sa kapaligiran ay maaaring magdulot ng pagka-abala at magpababa sa konsentrasyon ng tagapagsalita. Kapag hindi nakatuon ang mag-aaral sa kanyang presentasyon dahil sa ingay, maaaring magdulot ito ng pagkakamali, hindi pagkakaintindihan, o pagkakagulo sa daloy ng kanyang pagsasalita.

**Takot Mula sa Panghuhusga ng mga Kaklase.** Ayon sa pagsusuri ng isyu sa pag-aaral na ito, lumilitaw ang temang ito bilang isang karaniwang dahilan kung bakit ang mga bata ay nagkakaroon ng kaba tuwing nagsasalita sa harap ng klase. Ang temang ito ay nagpapakita kung paano ang negatibong pag-iisip at panghuhusga ng iba ay nakakaapekto sa self-esteem at performance ng mga estudyante. Naka-angkla ang temang ito sa Self-Presentation Theory ni Goffman (1959) na siyang sumusuporta sa temang ito, na nagpapaliwanag kung paano ang pagnanais na mapanatili ang isang positibong imahe sa harap ng iba ay maaaring magdulot ng anxiety at takot sa social situations tulad ng public speaking. Lumilitaw din sa pananaliksik na ang pagbibigay ng structured at positibong feedback mula sa mga kaklase ay nakakatulong upang mabawasan ang takot ng mga estudyante sa negatibong paghuhusga. Ang mga partisipante nito ay nagpakita ng pagtaas sa kanilang tiwala sa sarili at mas aktibong partisipasyon sa klase matapos makatanggap ng peer feedback (Cruz & Navarro, 2023).

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3**
***Pagpapakita ng Mahahalagang mga Resulta sa Kwalitatibo at Kwantitatibo***

| Aspeto o Focal Point | Kwantitati bong Natuklasan | Kwalitatibong Natuklasan | Likas na Integra Syon ng Data | Aksiolohi kal na Implikasyon |
|---|---|---|---|---|
| **Personal na Ugali** | Talahanayan 1 sa personal na ugali sa aytem 1 nakaramdam ng sobrang kaba bago ang isang pagsusulit sa oral na presentasyon. (M=4.22) ay may marka na mataas. | Talahanayan 6 na may code na kinakabahan sa pagtatanghal sa ilalim ng temang pagkakaramdam ng kaba | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga mag-aaral ayon sa kanilang personal na aspeto ay nakakaramdam ng kaba sa tuwing nagkaroon ng oral na presentasyon. |
| **Kasanayan sa Pagtatanghal** | Talahanayan 2 sa kasanayan sa pagtatanghal sa aytem 3 naniniwala na ang hindi pagkakaroon ng kurso sa oral na presentasyon ang dahilan ng aking mababang pagganap. (M=3.78) ay may marka na mataas<br><br>Talahanayan 2 sa kasanyan sa pagtatanghal sa aytem 4 nahihirapan na hanapin ang angkop na salita upang ipahayag ang aking ideya. (M=4.00) ay may mataas na marka | Talahanayan 6 na may code na iniisip ang negatibong panghuhusga sa ilalim ng temang takot mula sa panghuhusga ng mga kaklase | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga mag-aaral ay iniisip ang negatibong panghuhusga kaya nahihirapan at walang kurso na ipamalas ang kasanayan sa pagtatanghal sa tuwing may oral na presentasyon |
| **Awdyen at Guro** | Talahanayan 3 sa awdyen at guro sa aytem 1 nakaramdam ng takot kapag maraming tao ang nanonood sa akin.(M=3.98) na may mataas na marka<br><br>Talahanayan 3 sa awdyen at guro sa aytem 2 naaapektuhan sa reaksyon ng aking mga kaklase sa aking pagganap sa tuwing may oral na presentasyon. | Talahanayan 6 na may code na sagabal sa pagsasalita sa harapan sa ilalim ng temang ingay sa paligid bilang sagabal | **Merging-Converging** | Nagpapakita na ang mga estudyante ay naaapektuhan ang pagsasalita sa harapan dahil sa sagabal na natatamo |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | (M=3.92) na may mataas na marka<br><br>Talahanayan 3 sa awdyen at guro sa aytem 3 kinakabahan na baka tatawanan ako ng mga estudyante kapag nagsasalita ako ng Ingles. (M=3.86) na may mataas na marka<br><br>Talahanayan 3 sa awdyen at guro sa aytem 4 naaapektuhan kapag naabala ako ng guro para magtanong o magsabi ng kritisismo.(M=3.86) na may markang mataas | | | |

**In Pagsama-sama ng Natuklasan sa Kwantitatibo at Kwalitatibong Data**

Ang mga konklusyong kwantitatibo at kwalitatibong pananaliksik ay magkakaugnay sa bawat aspeto, kagaya ng ipinakita sa mga nakitang kinalabasan mula sa pag-aaral ng parehong yugto. Dahil dito, ang mga implikasyong aksiolohikal ay partikular na tumutok sa personal na ugali, kasanayan sa pagtatanghal, at ang papel ng awdyens at guro.

Ang ipinakita ng personal na ugali ay ang mga estudyante na nakakaranas ng antas na mataas ng kaba bago ang isang oral na presentasyon mula sa kuwantitatibong parte. Bukod dito, sila rin ay nakakaranas ng pag-aalala kahit na handa na sila at natatakot mabigo. Ang kabuuang resulta para sa personal na ugali ay naglalarawan ng antas na mataas ng anxiety kung saan tumutukoy sa naging tema na lumabas sa kuwalitatibong parte na pagkakaramdam ng kaba, ang mga nakasunod na datos mula sa mga talahanayan ay nagpapakita ng mga pangunahing nakakaapekto sa salik sa karanasan ng mga estuyante sa oral na presentasyon.

Lumilitaw rin sa naging resulta ng kasanayan sa pagtatanghal mula sa kuwantitatibong bahagi kung saan makikita na ang mga estudyante ay umaasa sa mga tala habang nagpe-presenta at nahihirapang ipahayag ang kanilang mga ideya. Kaya umuugnay ito sa takot mula sa panghuhusga ng mga kaklase, na naging tema mula sa kuwalitatibong bahagi kung saan ang hindi malinaw na pagpapahayag ay maaaring magdulot ng kalituhan at pagtawa mula sa mga kaklase, na nagpapalala sa takot ng mga taong sa panghuhusga.

Nagkakaroon din ng malalim na kaugnayan ang naging resulta na natuklasan mula sa parehong paraan. Ang awdyens at guro mula sa kuwantitatibong parte bilang panghuling indiykitor, ipinapakita na ang takot kapag maraming tao ang nanonood at ang reaksyon ng mga kaklase ay malaki ang epekto sa kanilang pagganap kung saan umuugnay sa lahat ng naging tema na lumalabas sa kuwalitatibong parte kabilang na ang wastong pag-aaral ng paksa na siyang nag-uudyok sa mga estudyante na kabisadohin ang paksa upang lubos na maisakatuparan ang hinihinging impormasyon upang makaiwas sa mga panghuhusga at kabalisahan, ang pagkakaramdam ng kaba at takot mula sa panghuhusga kung saan tumutukoy sa mga panayam at focus group discussions, maraming estudyante ang nagbahagi ng kaba ay nagmumula sa takot na mapahiya sa harap ng klase at ang reaksyon negatibo ng kanilang mga kaklase. Ang ilan sa kanila ay nagsabi na nahihirapan silang mag-isip ng tamang salita kapag kinakabahan, na nagreresulta sa pagkakalimot ng kanilang sasabihin.

Kaugnay nito, ang ingay sa paligid bilang sagabal mula sa kuwalitatibong parte ay lubos ring umuugnay sa naging resulta ng data sa kuwantitatibong pamamaraan na maaaring makapagdulot ng kakulangan sa konsentrasyon na umuugnay sa naging resulta ng indiykitor na kasanayan sa pagtatanghal, at nagiging sanhi ng pagkakawala ng linaw sa pagpapahayag ng idyea na lubos ring nagtutulak sa malubhang takot at kaba na umuugnay rin sa naging resulta sa indiykitor na personal na ugali. Kapag hindi maayos na naipapahayag ng isang mag-aaral ang kanilang ideya, maaaring magdulot ito ng hindi pagkakaunawaan o maling interpretasyon mula sa kanilang mga awdyens at guro.

Ang parehong kuwantitatibo at kuwalitatibong datos ay nagkakasundo na ang pagkakaramdam ng kaba ay pangunahing sanhi ng mataas na antas ng anxiety sa oral na presentasyon. Ang takot sa paghuhusga mula sa mga kaklase at guro, kasama ang

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

kakulangan sa tiwala sa sarili, ay nagpapalala ng kanilang kaba. Ang mataas na mean scores sa lahat ng kategorya ay nagpapakita na ang anxiety ay isang karaniwang problema sa mga estudyante sa BSEd Filipino na may major sa Filipino.

## KONKLUSYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga konklusyon at mga mungkahi na nabuo ayon sa mga resulta ng resirts. Nilalayon nitong makatulong sa mga estudyante na mapaunlad ang kakayahan nila at magtaguyod ng positibong pananaw tuwing may oral na presentasyon. Ang saklaw ng mga konklusyong ito ay limitado lamang sa setting ng isinagawang resirts. Batay sa mga natuklasan, inilahad ang mga nakasunod na konklusyon:

Una ang kakayahang oral na presentasyon ng mga esudyante ay mataas pagdating sa personal na ugali, kasanayan sa pagtatanghal, at ugnayan sa awdyens at guro. Ipinapakita nito na ang mga tagapagpahiwatig ng mahusay na oral na presentasyon ay palaging naipapamalas ng mga estudyante ng Mayoryang Filipino.

Pangalawa, isinagawa ang thematic analysis ng kwalitatibong datos batay sa mga sagot na nakuha mula sa pinalalimang panayam (IDI) at pokus na talakayan (FGD). Ang mga resulta ay nagbigay ng mas malalim na pananaw, lalo na sa kanilang mga karanasan kaugnay ng oral na presentasyon. Sa pamamagitan ng kwalitatibong pagsusuri, natukoy na ang mga estudyante ng Mayoryang Filipino ay nakakaranas ng sari-saring sitwasyon na nakakaapekto sa kanilang kooperatibong pagkatuto sa aspeto ng oral na presentasyon. Ang mga nakasunod na tema ang lumitaw: malaking ambag sa pagkatuto, gamit sa komunikasyon at pangangalap ng impormasyon, at mga hamon tulad ng kahirapan at kakulangan sa kaalaman.

Pangatlo, nang mas maintidihan ang persepsyon at experience ng mga estudyante tungkol sa oral na presentasyon, ang mga sagot ay pinag-aralan basay sa mga tema upang matiyak ang dami ng mga resulta ng pag-aaral. Ang mga nailahad mula sa parehong yugto ng pag-aaral ay isinama gamit ang isang planong natural. Ang integrasyon ng datos ukol sa oral na presentasyon, ayon sa mga resulta, ay nagpapakita ng pagkakatugma sa nakuha na data mula sa kwalitatibong yugto. Pareho ang kwantitatibo at kwalitatibong konklusyon ang nagpatunay na, bagama't may mga negatibong epekto sa pagsasama ng persepsyon sa oral na presentasyon sa paggawa ng mga output, proyekto, PowerPoint, at iba pang kaugnay sa pag-aaral, mas nangingibabaw ang mga positibong epekto at benepisyo. Ang sapat na kaalaman sa kasanayang pang-digital ay napatunayang mahalaga at nakatutulong sa mas makabuluhan at ang mag-aaral ay mas mabisang matuto.

Sa kabuoan, ang integrasyon ng data sa mahahalagang natuklasan sa kwantitatibo at kwalitatibong parte ay nagpakita na mayroong pagtatagpo sa resulta ng mga sagot ng mga respondente.

## TALASANGGUNIAN

1. *Abate Demissie Gedamu,Tesfaye Habtemariam Gezahegn. TEFL trainees' attitude to and self-efficacy beliefs of academic oral presentation. Cogent Education (2023), 10: 2163087 https://doi.org/10.1080/2331186X.2022.2163087*
2. *Afrida, T. (2017). The use of oral presentation in English speaking class (A case study at the department of English education of UIN AR-Raniry) (Doctoral dissertation). UIN Ar- Raniry Banda Aceh, Indonesia.*
3. *Ag Ahmad, Norazrina, Lidadun, P., & Bernadette. (2017). Enhancing Oral Presentation Skills Through Video Presentation. PEOPLE: International Journal of Social Sciences, 3(2), 385–397. https://doi.org/10.20319/pijss.2017.32.385397*
4. *Al-Darwish, S., & Taqi, H. (2015). EFL Presentations: investigating the effect of confidence and experience". International Journal for English Language Teaching, 3(1), 74-88.*
5. *Al-Nouh, N. A., Abdul-Kareem, M. M., & Taqi, H. A. (2015). EFL College students' perceptions of the difficulties in oral presentation as a form of assessment. International Journal of Higher Education, 4(1). https://doi.org/10.5430/ijhe.v4n1p136*
6. *Alobaid, A. (2021). Ict Multimedia Learning Affordances: Role And Impact On Esl Learners' Writing Accuracy Development. Heliyon, 7(7), E07517. Https://Doi.Org/10.1016/J.Heliyon.2021.E07517*
7. *Astuti, R. P. (2018). The Effect of Student Presentation on the Eleventh Grade Student's Speaking Skill at SMA Negeri 24 Kabupaten Tangerang. Globish: An English-Indonesian Journal for English, Education, and Culture, 7(2).*
8. *Ati, A., & Parmawati, A. (2022). The use of oral presentation in teaching english to improve students speaking skill. PROJECT (Professional Journal of English Education), 5(2), 300–305.*
9. *Bandura, A. (1986). Fearful expectations and avoidant actions as coeffects of perceived self-inefficacy.*
10. *Bandura, A. (1986). Social foundations of thought and action: A social cognitive theory. Prentice-Hall, Inc.*
11. *Barrett, N. E., Liu, G. Z., & Wang, H. C. (2021). Student Perceptions Of A Mobile Learning Application For English Oral Presentations: The Case Of Eopa. Computer Assisted Language Learning, 35(9), 2476– 2501. Https://Doi.Org/10.1080/09588221.2021.1881975*
12. *Cacioppo, J. T., Petty, R. E., Kao, C. F., & Rodriguez, R. (1986). Central and peripheral routes to persuasion: An individual difference perspective. Journal of personality and social psychology, 51(5), 1032.*
13. *Cooper, D. (2005). Assessing what we have taught: The challenges faced with the assessment of oral presentation skills. In A Brew & C. Asmar, Research and development in*

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188

*higher education: Education in a changing world (pp. 124-132). https://www.herdsa.org.au/publications/journals/research-and-development-higher-education-higher-education-changing-world13*

14. *Creswell, J. (2009). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.*
15. *Creswell, J. W. (2003). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (2nd ed.). Thousand Oaks, CA: Sage.*
16. *Creswell, J. W. (2013). Qualitative Inquiry & Research Design: Choosing among Five Approaches (3rd ed.). Thousand Oaks, CA: SAGE.*
17. *Creswell, J. W. (2014). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approach (4th ed.). Sage Publications. https://doi.org/10.4135/9781483381411*
18. *Creswell, J. W., and Plano Clark, V. L. (2018). Designing and Conducting Mixed Methods Research. Thousand Oaks, CA: Sage.*
19. *Dehbi, L. (2019). The role of oral presentations in reducing EFL learner's speech anxiety the case study of second year EFL students at Mohamed Kheider University of Biskra (MA Thesis). Mohamed Kheider University of Biskra, Algeria*
20. *Dippold, D., Bridges, S., Eccles, S., & Mullen, E. (2019). Taking ELF off the shelf: Developing HE students' speaking skills through a focus on English as a lingua franca. Linguistics and Education, 54, 100761. https://doi.org/10.1016/j.linged.2019.100761*
21. *Fauzi, I., & Hanifah, D. (2018). Developing Students' Speaking Ability Through Powerpoint Presentation. In ASEAN/Asian Academic Society International Conference Proceeding Series (pp. 172-178).*
22. *Goffman, Erving (1956/2021). The Presentation of Self in Everyday Life. Anchor*
23. *Grieve, R., Woodley, J., Hunt, S. E., & McKay, A. (2021). Student fears of oral presentations and public speaking in higher education: a qualitative survey. Journal of Further and Higher Education, 45(9), 1281–1293. https://doi.org/10.1080/0309877X.2021.1948509*
24. *Gurbuz, C., & Cabaroglu, N. (2021). EFL students' perceptions of oral presentations: Implications for motivation, language ability and speech anxiety. Journal of Language and Linguistic Studies, 17(1), 600–614. https://doi.org/10.52462/jlls.41*
25. *Hammad, E. A. (2020). The impact of oral presentations on Al-Aqsa University EFL students' speaking performance, speaking anxiety and achievement in ELT Methodology 1. Journal of Second and Multiple Language Acquisition, 8(1), 1–27.*
26. *Hammad, E. A. (2020). The impact of oral presentations on Al-Aqsa University EFL students' speaking performance, speaking anxiety and achievement in ELT Methodology1. Journal of Second and Multiple Language Acquisition– JSMULA, 8(1), 1-27.*
27. *He, D. (2018). Foreign language learning anxiety in China: Theories and applications in English language teaching. Springer.*
28. *Hoai, V. T. Le. (2021). Using Group Oral Presentations As A Formative Assessment In Teaching English For Vietnamese Efl Students. 17th International Conference Of The Asia Association Of Computer-Assisted Language Learning (Asiacall 2021). Https://Doi.Org/10.2991/Assehr.K.210226.036*
29. *Hsin-Yi Liang, Brent Kelsen (2018). Influence of Personality and Motivation on OralPresentation Performance. J Psycholinguist Res (2018) 47:755–776 https://doi.org/10.1007/s10936-017-9551-6*
30. *Indrayanti, I. (2021). Multimedia-Based Presentation And Self-Confidence Analysis: A Quantitative Study On English Language Learning Of Vocational College Students. Llt Journal: A Journal On Language And Language Teaching, 24(2), 380–388. Https://Doi.Org/10.24071/Llt.V24i2.3437*
31. *Kashinathan, S., and Abdul Aziz, A. (2022). TOP: Fostering ESL Students' Overall Speaking Performance Using Topical-Based Oral Presentation. International Journal of Academic Research in Progressive Education and Development. 11(2), 1194 – 1215*
32. *Moneva, J. C., Ramos, D. M. D., Ruelan, R. F., & Besin, W. T. (2020). Students' Cognitive Ability and Attitude Towards Stress. International Journal of Academic Research in Business and Social Science, 10(4), 318–335*
33. *Naelufah, D. R., Dalika, F. N., Hazawa, I., & Zulfa, S. (2023). Students' perception of oral presentation assignment using PowerPoint in English Education students. Edukatif, 5(6), 2623–2632. https://doi.org/10.31004/edukatif.v5i6.5989*
34. *Petty, R. E., & Cacioppo, J. T. (1986). The elaboration likelihood model of persuasion. In Communication and persuasion (pp. 1-24). Springer, New York, NY.*
35. *Putri, A. F. D., Sudarsono, S., & Husin, S. (2019). Improving the students' speaking ability through oral presentation. Jurnal Pendidikan Dan Pembelajaran Khatulistiwa, 8(3). http://dx.doi.org/10.26418/jppk.v8i3.32318*
36. *Riadil, I. G. (2020). Does oral presentation affect the development of the students' ability to speak in efl classroom?. Social Sciences, Humanities and Education Journal (SHE Journal), 1(2), 13 – 21. DOI: 10.25273/she.v1i2.6622*
37. *Sahriana, S. (2018). Improving students' English ability through oral presentation task: The students' perception. GEN TEFL Journal, 3(1), 43–49.*
38. *Salem, A. A. M. S. (2019). A Sage On A Stage, To Express And Impress: Ted Talks For Improving Oral Presentation Skills, Vocabulary Retention And Its Impact On Reducing Speaking Anxiety In Esp Settings. English Language Teaching, 12(6), 146. Https://Doi.Org/10.5539/Elt.V12n6p146*
39. *Sari, A. R., Ali, R. M., & Soma, R. (2023). Speaking Problems In Doing Oral Presentation At English As Foreign Language Teacher Education Program Of Universitas Jambi. Jambi-English Language Teaching Journal, 7(1), 13–23.*

ISSN (Online): 2455-3662
**EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal**
**Volume: 11| Issue: 1| January 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402 || ISI Value: 1.188**

*Https://Doi.Org/Https://Doi.Org/10.22437/Jelt.V7i1.16744*

40. *Tsang, A. (2020). The relationship between tertiary-level students' self-perceived presentation delivery and public speaking anxiety: A mixed-methods study. Assessment & Evaluation in Higher Education, 45(7), 1-13. https://doi.org/10.1080/02602938.2020.1718601*
41. *Tuong, H. G. B. (2022). TVU Non-English Majors' Attitudes toward Utilizing Oral Presentations to Overcome Speaking Difficulties in English Classroom. International Journal of Language Instruction, 1(1), 99–119. https://doi.org/10.54855/ijli.22119*
42. *Utami, L. P., & Sulistyaningrum, S. D. (2022). The Incorporation Of Communication Skills In Public Speaking Course Syllabus At English Language Education Study Program. Celtic: A Journal Of Culture, 9(1), 1–20. Https://Doi.Org/10.22219/Celtic.V9i1.18281.Communication*
43. *Vince Tristan Docena,Kent Harvey Buenaventura, Walter Lobingco,Sheena Manlimos,Joseph Nacionales,Norberto Claridad. Investigating oral presentation anxiety of freshmen English major students in a Philippine higher educational institution. Journal of Language and Pragmatics Studies, Volume 2 Number 3 (Dec 2023), p. 173-189 e-issn 2984-6051 ©Yayasan Mitra Persada Nusantara https://jurnal.ympn2.or.id/index.php/JLPS*
44. *Xu, Q., Chen, S., Wang, J., & Suhadolc, S. (2021). Characteristics And Effectiveness Of Teacher Feedback On Online Business English Oral Presentations. The Asia-Pacific Education Researcher, 30(6), 631–641. Https://Doi.Org/10.1007/S40299-021-00595-5*
45. *YOLCU, M., & MIRIOĞLU, M. (2020). INVESTIGATING THE IMPORTANCE LEVEL AND UTILIZATION OF VOCABULARY LEARNING STRATEGIES AMONG TURKISH. ASIAN JOURNAL OF UNIVERSITY EDUCATION, 16(1), 32. HTTPS://DOI.ORG/10.24191/AJUE.V16I1.8450*
46. *Zhang, J., & Zheng, Y. (2020). The Investigation and Analysis of College Students' Oral English Anxiety. International Journal of Emerging Technologies in Learning, 15(2), 107-121.Al-Ahdal, A. A. M. H., & Abduh, M. Y. M. (2021). English writing proficiency and apprehensions among Saudi College students: Facts and remedies. TESOL international journal, 16(1), 34-56.*